الدليل علي وجود الله و حكمة خلق العباد باللغة الفلبينية

# PATUNAY NA MAY PANGINOON AT ANG DAHILAN SA PAGLIKHA SA TAO

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Kung tayo ay tatanungin: "Paano natin mapapatunayan na may panginoon?" At "Bakit nilikha ang tao dito sa lupa?".

Na kung tayo ay maghahanap ng kasagutan para dito, ito ay malinaw sa ating lahat, at hindi kinakailangan ng mahabang pagsusuri at mahirap na pag-iisip.

Ang pagpapatunay na may panginoon ay nahahati sa tatalong klase:
Una: Ang ating natural o likas na pananampalataya.
Pangalawa: Ang ating mga nakikita at nararamdaman.
Pangatlo: Ang mga basehan na nagmumula sa salita ni Allah ﷻ at turo ng Propeta Muhammad ﷺ .

Ang ating likas na paniniwala, nararamdaman ng bawa't isa sa atin na tayo ay dapat may kilalanin na panginoon, at nararamdaman natin na ang panginoon ay ating kailanagan, na sa tuwing tayo ay nalalagay sa panganib, ating mga kamay ay tumataas at humihingi ng lunas mula sa panginoon.

Sinabi ng Allah ﷻ : "O Muhammad iyong piliin ang relihiyon na sumasamba sa Allah ﷻ ng walang katambal, ito ay likas na mismo si Allah ﷻ ang naglikha para sa tao".

Ganun rin ang ating nakikita at nararamdaman ay lahat na patunay na may panginoon na tagapaglikha nito, ang mga nangyayari dito sa lupa, mula sa pagtubo ng halaman, pagrami ng tao sa kanilang iba't ibang lahi at kulay, pagbagsak ng ulan, ang pagtaas ng langit, pagtatag ng mga kalupaan at marami pang iba.

Sino ang may tamang pag-iisip ang magsasabi na lahat ng ito ay nangyayari ng hindi sadya, at walang panginoon na nagpapahintulot nito? Ang lahat nito ay imposible at hindi katanggap-tanggap ng ating isipan.

Sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "Sila ba ay nilikha mula sa wala? O sila ang mga tagapaglikha. Sila ba ang lumikha ng langit at kalupaan, bagkus sila ay walang katiyakan".

Ang Qur'an at turo ng Propeta Muhammad ﷺ ay naglalaman ng mga batas at katuruan na nanggaling sa nag-iisang paninginoon.

Sinabi ni Sheikh Ibn Uthaymin رحمه الله: "Lahat ng katuruan sa Islam ay tanda na may tagapaglikha, tanda ng kanyang malawak na kaalaman at awa, dahil ang mga batas na ito ang tanging makakapagligtas sa tao, at kinakailangan ng nagtanyag ng mga batas, at ito ay si Allah ﷻ ".

Sa katanungan na bakit tayo nilikha dito sa lupa, ito ay sa kadahilanan na upang sambahin si Allah ﷻ ng nagiisa at walang katambal, upang alalahanin at magpasalamat sa Kanyang mga biyaya, at ito ay sa pamamagitan ng ng pagtugon sa mga obligasyon na inutos sa atin ng Allah ﷻ, ito lamang ang nagtatangin landas na tama.

Sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "Hindi ko nilikha ang jinn at tao maliban na lamang Ako ay kanilang samabahin".

*والله تعالى أعلم...*